PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH
HOSTED BY PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO
JUNE 12, 2021 (11:01 A.M. – 11: 58 A.M.)

USEC. IGNACIO: Magandang umaga Pilipinas.

Isang makasaysayang araw ng Sabado para sa ating lahat. Ngayong ika-12 ng Hunyo nakikiisa ang ating programa sa pagdiriwang ng ika-123 anibersaryo ng Araw ng Kalayaan ng Pilipinas. Isang pagpupugay din po para sa mga bagong bayani na pilit lumalaban para makalaya na tayo mula sa nararanasang pandemya, kaya naman patuloy po ang aming serbisyo publiko para maihatid sa inyo ang pinakamahalagang impormasyon na dapat ninyong malaman.

Mula po sa PCOO ako po si Usec. Rocky Ignacio, simulan na po natin ang talakayan dito sa Public Briefing #LagingHandaPH.

Para sa ating unang balita: Ngayong umaarangkada na ang pagbabakuna sa mga nasa A4 priority list naniniwala si Sen. Bong Go na malaki ang maitutulong nito upang mapanumbalik ang sigla ng ekonomiya ng bansa. Narito ang report:

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Alamin naman po natin ang mga aktibidad at programang inihanda kaugnay sa pagdiriwang ng Philippine Independence Day, makakausap po natin si sir Bryan Paraiso, ang Supervising Historic Sites Development Officer ng NHCP o National Historical Commission of the Philippines. Good morning po and welcome sa Laging Handa sir.

NHCP HISTORIC SITES DEVELOPMENT OFFICER PARAISO: Magandang umaga po Usec. Rocky at maligayang 123rd Independence Day sa ating lahat at ako po ay natutuwa na marami po tayong mga bagong aktibidad para sa araw na ito ng Independence Day po natin.

USEC. IGNACIO: Opo. Sir, ano na lang po iyong mensahe sa tema natin ngayon 'Diwa ng Kalayaan sa Pagkakaisa at Paghilom ng Bansa'?

NHCP HISTORIC SITES DEVELOPMENT OFFICER PARAISO: Ang mahalagang mensahe po na nais naming ipahatid sa Sambayanang Pilipino ay kailangan po na tayo ay sama-sama, magkakaisa po tayo dapat upang mapigilan po natin at magkaroon po tayo ng bagong solusyon para sa paghilom ng ating bayan dahil ngayon nga po sa panahong ito tayo ay lumalaban sa isang kaaway na hindi natin nakikita, iyong COVID-19 pandemic po.

So, dapat tayo bilang isang sambayanan ay magkaisa, tulungan po natin ang ating pamahalaan sa pagsugpo nitong problemang ito sa pamamagitan ng pagsunod ng mga kinakailangan na health protocols po. Ito po ay ang pinaka-malaking tulong na maibibigay natin sa ating pamahalaan at isang pagpupugay rin po ito sa ating mga health frontliners kung tayo po ay susunod sa mga

kailangan na health protocols. Isang paraan po ito na maipakita natin na para maging malaya tayo sa ating bagong kalaban ay kailangan tulung-tulong po tayo.

USEC. IGNACIO: Opo. Sir, sa kabila nga po ng pandemya ano pa po iyong mga programa na inihanda ng NHCP para sa pagdiriwang ngayong araw ng kalayaan? Kasi ito po iyong ikalawang taon na natin na nagdidiriwang ng Independence Day na may COVID-19. So, kumpara po noong nakaraang taon paano po nakapag-adjust ang NHCP pagdating sa mga pagdaraos ng mga programa ngayong taon?

NHCP HISTORIC SITES DEVELOPMENT OFFICER PARAISO: Opo. Sa araw na ito, iyon nga po tama po kayo pangalawang taon na po ito na tayo ay magdiriwang ng ating Araw ng Kalayaan na nasa COVID-19 pandemic po tayo. Siyempre mahalaga po na ang ating pagbibigay ng pagpugay sa ating Araw ng Kalayaan na mayroon po tayong kahit simpleng seremonya sa iba't-ibang lugar sa Pilipinas, iyong mga mahahalagang historic sites po natin.

Ngayong umaga nga po ay nagkaroon tayo ng tinatawag nating flag raising at wreath laying ceremonies sa iba't-ibang lugar. Pinaka-tampok nga po dito ay iyong nangyari sa Rizal National Monument po na kasama po natin bilang panauhing pandangal si Sec. Menardo Guevarra sa Rizal Park; sa Pinaglaban Shrine po naman si Mayor Francis Zamora po ang ating panauhing pandangal; sa Emilio Aguinaldo si Mayor Angelo Emilio Aguinaldo po; sa Barasoain si Gov. Daniel Fernando po.

Subalit ngayong alas-kuwatro ng hapon po ating makakasama po ang ating mahal na Pangulo, si Pangulong Rodrigo Roa Duterte na siyang iyong mag-aalay ng bulaklak sa bantayog nina Gregorio at Marcelo H. Del Pilar sa Malolos po. May iba't-iba pa po kaming programa na magkakaroon po ngayong araw na ito.

Karamihan po dito dahil nga po sa pandemya, mga programa through online tulad po ng tinatawag ng mga job fair po sa ilalim po ng DOLE; mga activities po na ginawa po ang TESDA para sa ating mga taong nais mag-aral po ukol sa iba't-ibang mga industriya.

Magkakaroon din po tayo ng mga libreng sakay sa ating MRT ngayong araw po na ito at mayroon po tayong mga tinatawag na online concerts po na inu-offer po ng ating National Commission for Culture and the Arts mamayang hapon po.

USEC. IGNACIO: Sir, ito po ba iyong unang pagkakataon nating masasabi na ang isang Pangulo ng Pilipinas ay magiging bahagi ng selebrasyon ng Independence Day diyan sa bahagi ng Bulacan or sa Barasoain po?

NHCP HISTORIC SITES DEVELOPMENT OFFICER PARAISO: Napakahalaga nga po na makita po natin ang ating Pangulo ngayon sa area po ng ano po, hindi po sa Barasoain kundi doon sa bantayog po nina Marcelo H. Del Pilar at Gregorio H. Del Pilar. Kung maalala po natin si Marcelo H. Del Pilar ay isa sa mahalagang repormista noong panahon ng Kastila po at nakipaglaban po siya sa pamamagitan ng kanyang panulat upang magkaroon ng reporma sa pamamagitan ng iyong tinatawag nating diyaryong "La Solidaridad".

Si Gregorio H. Del Pilar naman po iyong kanyang tinatawag po natin—nephew po niya ay naging isang maging magiting na Heneral noong panahon ng rebolusyon sa digmaang Amerikano-Pilipino po. Kaya nakita po natin ang ating Pangulo na pinaparangalan ang dalawang mahalagang bayani po natin sa kasaysayan ay tumatatak sa ating puso at pinapakita iyong ating pagkamatatag bilang mga Pilipino dahil maalala po natin ang dalawang bayaning ito ay nagpakatatag para magkaroon po tayo ng kalayaan sa ating bansa.

NHCP HISTORIC SITES DEVELOPMENT OFFICER PARAISO: (con't) Pinapakita iyong ating pagkamatatag bilang mga Pilipino. Dahil maalala po natin itong dalawang bayaning ito ay nagpakatatag para magkaroon po tayo ng kalayaan sa ating bansa.

USEC. IGNACIO: Pero, Sir, ito po iyong unang pagkakataon na ang isang Pangulo po ay maghahandog diyan?

NHCP HISTORIC SITES DEVELOPMENT OFFICER PARAISO: Opo, dito po sa area po ng ating Bantayog po ni Marcelo H. Del Pilar po at Gregorio Del Pilar po. Subalit doon sa area ng Bulacan, sa Barasoain Church po natin. Maalala po natin, doon po nagkaroon ng tinatawag nating o iyong ibang mga Pangulo po ay dumalo na po doon sa Barasoain Church Historical landmark.

USEC. IGNACIO: Sir, sa gitna nga po ng usapin sa agawan sa ilang mga teritoryo, masasabi po ba natin na talagang malaya na tayo mula sa mga mapagsamantalang bansa?

NHCP HISTORIC SITES DEVELOPMENT OFFICER PARAISO: Ang tinatawag nating kuwestiyon po ng West Philippine Sea po, kami po sa National Historical Commission of the Philippines ay naniniwala na ang mahalagang paraan po para ito ay ating masagot, mabigyan ng lunas ay sa pamamagitan ng maayos na pag-uusap, sa tinatawag nating diplomatic na pamamaraan. Maalala natin po, karamihan po sa ating mga naging mga bayani ay bago lumaban po, may isang paraan po sila, ginamit po nila ay ang tinatawag nating diplomasya para po kilalanin ang ating kalayaan. So, sa aking palagay sa panahon po ngayon, mas mahalaga po na unahin na muna natin ang maayos na pag-uusap sa mga iba't ibang mga tao po at iba't ibang mga pamahalaan upang makita natin, ano po ba ang maayos na mga suhestiyon at pamamaraan para masagot po itong suliranin na ito.

USEC. IGNACIO: Okay. Kami po ay nagpapasalamat sa inyong panahon, Sir Brian Paraiso mula po sa NHCP. Mabuhay po kayo and Happy Independence Day po.

NHCP HISTORIC SITES DEVELOPMENT OFFICER PARAISO: Happy Independence po, Ma'am.

USEC. IGNACIO: Sa iba pang balita, nakasalang sa Senate committee on local government ang panukalang pagbuo ng Metropolitan Davao Development Authority or MDDA. Kapag naisabatas, inaasahan itong makakatulong para mapalago ang ekonomiya at pag-unlad ng Davao region. Narito ang report.

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Isa po sa sinisising dahilan ng pagtaas ng kaso ng COVID-19 sa Eastern Visayas ay ang mga social gatherings. Kahapon nga po ay nakapagtala ang rehiyon ng dagdag na 412 cases. Upang kumustahin ang sitwasyon doon makakausap po natin sa puntong ito si Governor Edwin Ongchuan ng Northern Samar. Good morning, governor?

NORTHERN SAMAR GOV. ONGCHUAN: Magandang umaga po, Usec. Rocky Ignacio, magandang umaga po sa mga tagapakinig ng PTV-4. Happy Independence Day po sa ating lahat.

USEC. IGNACIO: Governor, au-ano pong mga lugar ba diyan sa Northern Samar iyong nakailalim sa ngayon sa granular lockdown at Governor, kumusta na po kayo diyan?

NORTHERN SAMAR GOV. ONGCHUAN: Okay naman po dito, kaya lang medyo as of June 10, 2021, nakatala po kami ng 218 active COVID positive cases. May iba pong mga bayan namin na naka-granular lockdown lalo na po iyong aming capital town, which is Catarman, mayroon na po silang mga ibang sitio o barangay na naka-lockdown na po.

USEC. IGNACIO: Kailan po ba naitala governor iyong pagtaas o iyong peak ng pinakamaraming COVID-19 cases? At base po sa inyong contact tracing effort, anu-anong uri po ba ng mass gathering ang nagdulot ng mabilis na pagkalat ng COVID sa probinsiya?

NORTHERN SAMAR GOV. ONGCHUAN: Nagkaroon po kami ng peak po noong June 10 nakapagtala po kami ng 123 active cases sa isang araw lang po iyan. Dito po nanggaling sa munisipyo ng Victoria. Based sa aming contact tracing, nagkaroon po ng tinatawag nilang church concert. So, may iba pong mga kababayan natin mula sa ibang bayan dito po nagsipunta sa Victoria at sa kasamaang palad may naitala pong dalawang nasawi tungod (dahil) po sa COVID.

USEC. IGNACIO: Governor, noon pong tumaas iyong kaso sa inyong lugar, ano pong quarantine classification ang umiiral sa Northern Samar noon?

NORTHERN SAMAR GOV. ONGCHUAN: Noong before po, noong nagkaroon ng cases, considered po kami as low risk areas, nasa MGCQ po kami before. Saka iyon po nag-request po ang mga governors ng Eastern Visayas na i-heightened po to GCQ, nag-recommend na rin po ang Regional Inter-agency Task Force papunta po sa national Interagency Task Force na mai-angat po sa GCQ.

USEC. IGNACIO: So, ano pong mga hakbang ninyo para masigurong hindi na mauulit iyong mga nangyaring mass gathering kung patuloy pa rin po ang pagtaas ng kaso at tumaas pa iyong bed utilization ng mga hospital, handa po ba ang local na pamahalaan dito?

NORTHERN SAMAR GOV. ONGCHUAN: Sa ngayon po nagbigay-utos na po ako na wala pong mass gathering, kinausap ko na po iyong mga mayors na dapat pansamantalang itigil muna iyong mga church gathering. At inaktiba ko na po ulit ang Oplan Disiplina kung saan po ini-implement po namin through a provincial ordinance ang wearing of face mask and face shields and pagpapaigting po ulit ng curfew from 10 PM to 4 AM.

USEC. IGNACIO: Sa usapin naman po ng pagbabakuna, kumusta naman po iyong rollout diyan sa inyong probinsiya? Nag-request din po ba kayo para sa karagdagang supply?

NORTHERN SAMAR GOV. ONGCHUAN: Opo. Sa ngayon po kulang po iyong nabibigay pong bakuna dito po sa aming probinsya. In fact ito pong dumating, nagkaroon lang po kami ng allocation na 2,000 dito po sa Sinovac, kulang na kulang po. Dito lang po sa aming capital town na Catarman, ang kailangan po is 1,000 sana eh ang na-allocate lang po namin is 200 so marami pa pong kulang.

At ngayon po ang aming probinsya ay nasa classification po ng A3 po ang binabakunahan. Iyon na nga po sana, dapat sana po ay pareho na po sa ibang lugar lalo na po sa NCR Plus na A4 na po.

USEC. IGNACIO: Opo. Sir, gamitin ninyo na pong pagkakataon ito kung kayo po ay may nais hilingin sa ating national government. Go ahead, Governor.

NORTHERN SAMAR GOV. ONGCHUAN: Magandang umaga po. Dito po sa Northern Samar nagri-request po ang aming probinsya, humihingi po kami ng tulong kay Pangulong Duterte, kay Senator Bong Go at kay Secretary Duque ng DOH na kung sana po ay mabigyan po kami nang karagdagang alokasyon sa aming bakuna. Kahit ano po, Sinovac or AstraZeneca, willing na willing po naman naming tanggapin para naman po maibsan na po ang active cases sa aming probinsya. Palagay ko ito po iyong—ma-attain po natin iyong 70% herd immunity, ito lang po iyong aming nakikitang pag-asa para po maibalik na namin sa dating sitwasyon ng aming probinsya. Salamat po.

USEC. IGNACIO: Opo. Kami po ay nagpapasalamat sa inyong panahon, Governor. Ingat po kayo at kami po'y umaasa na talagang magbabalik din kahit papaano sa normal iyong sitwasyon sa Northern Samar. Salamat po.

NORTHERN SAMAR GOV. ONGCHUAN: Maraming salamat, Usec. Ignacio. Mabuhay po ang PCOO at PTV-4. Salamat po.

USEC. IGNACIO: Salamat po.

Samantala, kagabi po ay dumating ang panibago pang batch ng bakuna kontra COVID-19 sa bansa. Ito po ang isandaang libong doses ng Sputnik V mula sa Gamaleya Institute ng Russia, inihatid ito sa NAIA Terminal 3 ng Qatar Airways bandang alas onse ng gabi. Sinalubong po ito ni Vaccine Czar and NTF Chief Implementer Secretary Carlito Galvez, Jr. Kaya mga kababayan, huwag na po tayong mag-atubiling magpalista para mabakunahan na. Ginagawa po ang lahat upang mabigyan ng proteksiyon ang bawat Pilipino mula sa nakakahawang sakit.

Para alamin naman po ang estado kaugnay sa mga pinag-aaralang bakuna kontra COVID-19, muli po nating makakasama sa programa si Dr. Nina Gloriani, ang Vaccine Development Expert Panel Head. Magandang umaga po, Doc.

DR. GLORIANI: Magandang umaga Usec. Rocky and maligayang pagdiriwang ng ating Independence ‘no.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc, pag-usapan muna natin itong efficacy ng bakuna in relation sa panahon ng pagbibigay ng second dose. Sa isa daw pong pag-aaral kasi ng The Lancet, lumalabas na mas mabisa ang bakuna kapag mas mahaba ang pagitan ng pagbibigay ng second dose sa isang individual. So, ano po ang dahilan nito?

DR. GLORIANI: Okay. Kapag mas mahaba iyong interval between doses, mas may time na dumami iyong mga antibodies ‘no. So mayroon tayong mga B cells na nagiging plasma cells na siyang gagawa noong antibodies. So you are giving them more time to produce more antibodies kaya tama iyong sabi na mas mahaba. Pero hindi po puwedeng sobrang haba din kasi hindi rin maganda iyon.

USEC. IGNACIO: Opo. So iyon pong mga nakakaligtaan ang kanilang second dose, dapat bang mabahala sa naiturok na sa kanilang unang dose?

DR. GLORIANI: Ang ating payo po diyan ay as soon as ma-realize nila na medyo nahuhuli na sila, bumalik na po doon sa vaccination centers at magpabakuna. So hindi naman po uulitin iyong first does ‘no pero mabuting makapunta sila agad although hindi sila dapat mabahala kung mga dalawang buwan, tatlong buwan ay hindi pa naman magiging problema po iyon. So as soon as possible, pabakuna ng second dose po.

USEC. IGNACIO: Opo. Kasama rin po ba daw sa clinical trials ng mix and match ng mga bakuna ang scheduling ng pagbibigay ng second dose? Sa ngayon po base sa inyong pagsasaliksik, ano po iyong nakikitang pagitan ng administrasyon ng dalawang magkaibang bakuna o iyong pagbibigay po ng dalawang magkaibang bakuna under the clinical trials?

DR. GLORIANI: Okay. So ‘di ba mayroon tayong 3 weeks ang interval, may 4 weeks – ang pinakamahaba nga ay iyong sa AstraZeneca na 12 weeks. Sa aming tingin, this is already ano ‘no, actually immunologic principle na po iyan. Iyong 1 month ay mabuti nang pagitan doon sa dalawa. Kaya nga iyong sa AstraZeneca, iyon daw period niya ay 1 to 3 months, nagkataon lang na may nakita silang datos na iyong sa 12 months mas tumaas nang konti. Pero iyong sa 1 month po, mataas na ang lebel ng antibody doon. So, sasabihin natin nasa protective level na. Sufficient na po iyon para makapagbigay ng proteksiyon.

So 1 month ang aming tingin doon sa mix and match, ganoon po iyong aming ni-recommend na gagawin noong Philippine Society of Allergy, Asthma and Immunology. So hindi po iti-test iyong iba-ibang intervals, 1 month lang po.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc mayroon akong kakilala ano po, naturukan po ng fist dose ng bakuna pero nagka-COVID pa rin po. Ano po ang dapat gawin doon? Kasi parang isang buwan lang din po iyong pagitan para kunin ang second dose. Maaari po bang bigyan na siya ng second dose kapag po siya ay naka-recover na agad sa sakit?

USEC. IGNACIO: Okay. Ang ating rekomendasyon sa ngayon ay puwedeng bigyan ng booster shot na lang—may second dose pala ‘to ‘no. As soon as masabi ng kaniyang doktor na completely recovered na siya at kung anuman ang mga gamot na binibigay sa kaniya ay natapos na.

Now ang problema dito sa ibang mga nabakunahan sa atin, after the first dose, you don’t really expect na mayroon kang enough protection kaya pinipilit nating sabihin o ipaintindi sa mga tao na kailangan po ang second dose. Now it is also possible na iyang ganiyang klaseng pasyente ay nagkaroon ng exposure bago pa lang mabigyan noong first dose or noong na-expose, talagang mababa pa ang proteksiyon – too soon after the first dose. So, kailangan po iyong second dose. Pero kapag na-declare na siya na completely recovered po.

USEC. IGNACIO: Opo. May mga bakuna nga po na binibigay para sa mas younger age group, nagsimula nga po ito sa Amerika. So base po sa mga obserbasyon ng eksperto doon, kumusta po iyong reaksiyon ng antibodies sa mga bata?

DR. GLORIANI: Actually maganda, mas maganda iyong—mas mataas nang konti by I think 1.7 times iyong antibody nitong 12 to 15 compared doon sa [garbled] so halos doble ang antibody. And we expect that kasi mas bata, mas mataas talaga ang antibody response. So, maganda ang resulta.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc, may mga bansa naman daw po na nananawagan na alisin ang Intellectual Property Rights ng COVID-19 vaccines sa World Trade Organization. Ano po ba ang epekto kung aalisin ito pagdating sa supply ng bakuna sa buong mundo? At sa tingin ninyo, susunod iyong mga pharmaceutical companies sa move na ito?

DR. GLORIANI: Actually ako po ‘no, sorry medyo—baka sabihin hindi ako pro-pharma. Ako, para sa akin ang paggawa nitong mga technology na ‘to, itong mga bakuna, gamut sana ay makarating sa lahat na hindi gaanong mahal. And one of the reasons why medyo mahal sila ay dahil diyan sa mga patent na iyan. So siguro para naman din hindi ma-discourage ang mga naggagawa, mga companies, kailangan lang pong balansehin na hindi naman sobra ‘no.

Pero hanggang may pandemya—actually natutuwa po ako sa AstraZeneca na nag-declare na hanggang may pandemya ay ibibigay nila ang mga bakuna at cost. So sa kanila siguro po ‘pag natapos ang pandemya nila tataasan nang konti ito. So iyon po ay isang bagay na ikinalulugod ko as a scientist ‘no, medical scientist ‘no. Pero siguro importante rin na isipin natin na kailangan din i-propel iyong business side of it. Pero it has to be a balance between profit and getting this, iyong accessible to our people lalo na po doon sa mga mahihirap na countries.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc, nasa 60 million doses daw po ng Johnson and Johnson vaccine iyong ‘di umano o posibleng hindi na magamit dahil sa posibleng contamination. May update po ba kayo rito? Nagkaroon rin po ba ng kaparehong case sa iba pang vaccine brand?

DR. GLORIANI: Actually kaaano ko pa lang diyan, iyong tungkol sa Janssen nga. Well, wala tayong magagawa kung mawi-waste siya, kasi importante po na ang ibinibigay nating bakuna ay quality, lalo iyan contamination po iyan. Lalong magkakasakit, iyong mabibigyan niyan. At

mabuti rin naman po na iyan ay—it's a responsible act on the part of the vaccine company na ayusin. Sa ngayon inaayos pa po nila and I do not know kung magiging talagang wastage iyan. But I supposed we have to go for ano iyong talagang quality – it should be safe, wala pong kontaminasyon, at kung ano iyong magiging epekto niyan, kailangan po iyong talagang dumaan sa quality control and quality assurance na tinatawag natin.

USEC. IGNACIO: Doc, ayon po sa ilang mga LGU ay nagkakaroon na ng vaccine envy ang ating mga kababayan. Masasabi po ba nating may positibong epekto ito para mas mabilis na makamit natin iyong population protection?

DR. GLORIANI: Well, actually natutuwa ako, noon pa iyan, siguro a few weeks ago na iyong vaccine envy na iyan at lalo ngayon itong ating economic frontliners. Kasi kailangan talaga mabuksan na ang ating ekonomiya and I'm happy na nakikita ko maraming pumipila, nandoon siguro iyong kanilang pagnanais din na maprotektahan sila para maka-move forward na ang lahat. So I am very happy with that. So sana doon sa mas matatanda magkaroon din ng vaccine envy, kasi po iyong A2 natin at iyong A3 medyo nahuhuli sa deployment sa administration ng vaccine.

USEC. IGNACIO: Opo, pinayagan na po ang ating senior citizen na makalabas. So, ano po ang magiging komento ninyo dito, Doc?

DR. GLORIANI: Ayos lang iyon sa akin, basta may caveat pa rin iyan, hindi puwede kahit saan. So, parang ganito, ang nangyayari sa Amerika, kung lahat kayo bakunado, puwede kayong magsama-sama and bakunado will mean nakadalawa kayong doses and at least two weeks after the second dose. So mas mabuti mas matagal, kasi alam ninyo kapag mas matagal after the second dose, mas broader iyong response mas maganda iyong ating immunity ang proteksiyon. So, ganoon sana iyong mangyari sa atin, tapos hindi pupuwede doon sa matataong lugar, kung kakailanganin na pupunta sila, may minimum public health precautions pa rin, iyon. Lahat pa rin ng pag-iingat dapat nandoon. Pero that will be good, kasi alam ninyo nakakapagod na rin sa bahay. Iyong kasing wala kang ibang makita, maganda rin na mabuksan naman iyon, lalo iyong mga senior. They need this, hindi lang physical, mental, emotional, social lahat ito kailangan.

USEC. IGNACIO: Opo, kami po ay nagpapasalamat sa inyong panahon at siyempre sa inyong impormasyon, Dr. Nina Gloriani mula po sa Vaccine Expert Panel. Salamat po.

DR. GLORIANI: Thank you, Usec. Rocky.

USEC. IGNACIO: Puntahan naman po natin si Aaron Bayato mula sa PBS-Radyo Pilipinas para sa pinakahuling balita mula sa mga lalawigan, Aaron?

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Maraming salamat, Aaron Bayato ng PBS-Radyo Pilipinas.

Narito naman po ang pinakahuling datos ng COVID-19 cases sa buong bansa. Base po sa report ng DOH kahapon, June 11, 2021, umabot na sa 1,300,349 ang total number of confirmed cases

matapos itong madagdagan ng 6,686 na mga bagong kaso. 196 na katao ang mga bagong nasawi kaya umabot na sa 22,507 ang total COVID-19 deaths, mataas-taas naman po ang bilang na iyan. Ang mga kababayan naman natin na gumaling na sa sakit ay umakyat na sa 1,216,497, matapos itong madagdagan ng 3,190 new recoveries kahapon. Samantala, umakyat po muli ang ating total active cases. Sa kasalukuyan umabot na po ito sa 61, 345.

Pagpapabilis sa vaccination rollout, tugon ng pamahalaan sa tumataas na kaso ng COVID sa mga probinsiya at iba pang update mula po sa Department of Health ang ihahatid naman sa atin ni DOH Undersecretary Maria Rosario Vergeire. Magandang umaga po, Usec.

DOH USEC. VERGEIRE: Good morning po, Usec. Rocky.

USEC. IGNACIO: Usec., pinapayagan na nga po ang paglabas ng mga fully vaccinated na mga senior citizen, so paano po tayo nakakatiyak na this is the best time para luwagan na ang restriction para sa ating mga lolo at lola at kung may guidelines na po ba ang DOH tungkol dito?

DOH USEC. VERGEIRE: Yes, Usec. Rocky. So, napagkasunduan na po at napagdesisyunan ng IATF na payagan po iyong ating mga fully vaccinated na mga lolo at lola na lumabas na sa kanilang bahay. Pero may mga restrictions pa rin tayo, Usec. Rocky. Katulad na ang mga lolo at lola na fully vaccinated sa GCQ and MGCQ areas lang ang maaaring lumabas, wala pa rin pong pinapayagan na inter-zonal travel. So ibig sabihin, within your zone lang or within their respective areas lang sila puwedeng magpunta, bawal lumabas ng NCR for example at pagkatapos po nasusunod pa rin naman dapat ang mga minimum public health standards. So pinapaalalahanan po natin ang ating mga nakakatanda, kung kayo man po ay lalabas, sana po ay sundin pa rin natin ang ating mga safety protocols para po maiwasan natin na kayo rin ay magkaroon pa rin ng infection in spite of being vaccinated.

USEC. IGNACIO: Opo, Usec., social gatherings ang karaniwang sanhi ng spike of cases sa ating mga probinsiya at ngayon po ay ina-allow pa natin na mas maraming individual na lumabas ng bahay. Hindi po ba daw tayo nababahala na baka mangyari ulit iyong pagtaas o pag-peak ng cases?

DOH USEC. VERGEIRE: Yes, Usec. Rocky ‘no. So kailangan hong maintidihan ng ating mga kababayan na bagama’t atin pong pinapayagan na lumabas ang ilang mga sektor ng ating lipunan sa ngayon at nakikita nating nagbubukas ang ibang industriya, we have to understand that we are doing it gradually and slowly based on evidence.

So nakikita naman ho natin sa mga GCQ and MGCQ areas na maari naman nating buksan ang ating ibang mga industriya para makabangon ang ating ekonomiya. Kailangan ho natin maintidihan, we are trying to balance because there are a lot of people who were hungry already and this leads also to health effects. Kaya tinitingnan ho natin na kapag tayo ay nagbukas at nagpalabas ng mga ibang sektor ng ating lipunan, may mga safeguards po tayo at iyan po iyong ating mga minimum health protocols na pinapatupad.

USEC. IGNACIO: Opo. Pero so far, kumusta po daw ang assessment ng Department of Health dito sa dalawang linggong extension ng GCQ with heightened restrictions sa NCR Plus? Masasabi naman po ba nating naging epektibo ito?

DOH USEC. VERGEIRE: Sa tingin po namin talagang naging epektibo because nakita ho natin talaga iyong patuloy na pagbaba ng kaso dito po sa NCR Plus bubble. Nakita ho natin na talagang iyong peak natin from March and April, talagang patuloy pong bumababa ang mga kaso. Ngayon po sa ating NCR, atin pong average daily recorded cases ay isanlibo na lang po compared noong tumataas ang mga kaso na apat hanggang limanlibo per day tayo. Nakita rin ho natin na na-decongest natin ang mga ospital.

Ngunit ang atin pong tinitingnan ngayon and we are closely monitoring ay ito pong Visayas and Mindanao kung saan nakakakita po tayo nang pagtaas ng mga kaso, nakakakita ho tayo ng mga pagkapuno ng ating mga ospital. So iyan po iyong ating binibigyang-tugon ngayon para po ma-manage po natin at patuloy ring bumaba 'no, mapababa natin ang mga kaso dito sa ibang lugar.

So what I'm trying to say would be that NCR might be nearing or malapit na ho tayo doon sa tinatawag nating safe zone but if the other regions are having this kind of increase in the number of cases, we have to treat this matter with caution kasi very fragile ang sitwasyon natin at maaring bumalik tayo uli sa dati kung hindi po tayo lahat mag-iingat.

USEC. IGNACIO: Opo. Usec., ilang mga LGUs po iyong—ayoko naman sabihing naaantala pero sabihin na natin—iyong pagbabakuna dahil sa kakulangan daw po ng supply ng vaccines gayong marami pa raw pong mga nakaimbak na bakuna sa storage facilities ang hindi pa rin niri-release. So, ano daw po ang masasabi ninyo rito?

DOH USEC. VERGEIRE: Yes, ma'am 'no. According to our records, we already have about 98% plus na distributed ang mga bakuna natin. Kung may natitira man sa ating mga warehouses for DOH, ito po iyong mga buffer na stocks na ating tinatago kung sakaling mayroon po tayong—magkulang doon sa mga initial na binigay natin. But these are really very few.

Ngayon dumating po iyong ating magkasunod na shipment 'no or supplies natin from Sinovac and then we had Pfizer at ang deklarasyon naman at announcement ni Secretary Galvez, ang ating Vaccine Czar, that by June 14 local governments will again start vaccinating. Nagkaroon lang nang kaunting antala dahil nga po ito pong supposedly na mga deliveries natin for May ay nagkaroon nang hindi pagdating. Kaya po ngayon ay dumadating naman ngayon ang mga stocks so mari-replenish po natin ang mga stocks nila and everybody can do their vaccinations again.

USEC. IGNACIO: Opo. Iyan po iyong pagtiyak ng DOH doon sa mga panawagan ng ilang mga LGUs sa probinsya nang karagdagang… dagdag na supply ng bakuna para naman po makausad din daw po iyong sa ibang priority list nila, Usec.

DOH USEC. VERGEIRE: Yes, Usec. Rocky 'no. So nagbigay na rin po ng announcement si Secretary Galvez, pinaliwanag niya po ito na kasama naman ho talaga sa framework natin for prioritization itong geographic burden. So kung halimbawa ang isang lugar ay tumataas ang kanilang kaso, binibigyan po natin sila nang additional allocation. So for this batch of vaccines

that has arrived, ang sabi po ni Secretary Galvez 60% of all of these which has arrived will be provided to those areas with high number of cases now.

So kailangan din po natin ipaalala sa ating local government, hindi lang po bakuna ang atin pong armas para malabanan natin ang impeksiyon. Ang pinakaimportante pa rin po mapatupad natin ang ating mga health safety protocols at saka iyong response po natin on the ground ay mapaigting natin para po katulong ng bakuna, mapababa po natin ang mga kaso.

USEC. IGNACIO: Opo. Usec., bigyan-daan ko lang po muna iyong tanong ng ating kasamahan sa media. Mula po kay Red Mendoza ng Manila Times: Reaksiyon lang daw po ng DOH sa 'di umano ay 370 na respirator na nakatengga sa isang warehouse dahil daw ito ay donated ng isang kumpanya ng tabako na siyang labag sa isang joint memo na napagkasunduan ng DOH at Civil Service Commission.

DOH USEC. VERGEIRE: Atin na pong klinaro ito, Usec. Rocky. Atin pong naglabas tayo ng press release or statement na ang katotohanan po dito, ang Temasek Foundation ay nagbigay sa Pilipinas ng donasyon ng apatnadaan 'no na respirators dito sa ating gobyerno. And we found out that within this 400, may 30 units that was donated by a company which is associated with the industry of tobacco.

So noong napag-alaman po natin ito, dahil alam natin na hindi po maaari ang ating gobyerno na umakto dito because of specific policies in the country and also our joint circular with the Civil Service Commission, atin po na lang na in-advise 'no iyong nagbibigay na idiretso na lang nila sa mga private facilities dito sa bansa. At iyon naman po ang nangyari, ito pong 30 'no, 30 units po ito ay naibigay po doon sa mga private facilities directly 'no. Hindi na po dumaan iyan sa ating gobyerno or sa DOH.

Now we have still about 60 of these respirators in our warehouses but all of these had been initially ina-allocate na 'no because of this rising cases in the regions at ipapadala na rin po natin lahat iyan dito sa Visayas and Mindanao areas natin.

USEC. IGNACIO: Opo. Usec. iyong ikalawang tanong niya kasi nga po iyong posibilidad na mabago iyong ating quarantine classification pagdating ng June 15. Ang tanong po niya: Sinasabi daw po ng ilang eksperto na hindi pa raw po puwedeng magluwag nang todo ang Metro Manila at karatig lugar dahil sa mga tumataas na kaso at ilang ospital na puno pa rin daw po. Ano daw po ang reaksiyon o masasabi ng DOH dito?

DOH USEC. VERGEIRE: Yes, ma'am. Kasama po iyan sa lahat ng konsiderasyon natin ano kapag tayo ay nag-uusap-usap para bumuo ng rekomendasyon para sa IATF na pagdesisyunan. So tinitingnan ho natin iyang mga ospital natin, hindi lang natin tinitingnan ang NCR, tinitingnan din natin ang mga karatig pook. Katulad ng sabi ko kanina, bagama't tayo ay malapit nang mapunta sa safe zone, hindi pa rin tayo ligtas dahil ang ating mga karatig na mga lugar ay nagtataasan ang kaso. So kasama po iyan sa lahat ng ating pag-aaralan, mayroon ho kaming meeting mamaya ng ating data analytics group para makapagbuo ng rekomendasyon para sa IATF po.

USEC. IGNACIO: Opo. Tanong naman po mula kay Bianca Dava ng ABS-CBN News: What is the DOH assessment of A4 vaccinations that started this week? What challenges did we encounter and what can be improved in the process?

DOH USEC. VERGEIRE: Well the overall challenge would always be the supplies 'no. So bagama't kahit gaano natin gustong palawakin at pabilisin ang ating pagbabakuna kung ang supplies po ay hindi pa stable, talagang may challenge po tayo lahat. Pero sa nakikita po natin, nakita ho natin iyong kumpiyansa ng tao sa bakuna na talagang dinadagsa po ang ating mga vaccination sites.

So I think what we can improve will be the process. Iyong proseso po para hindi nagkukumpul-kumpulan ang tao, iyong proseso rin para by schedule na lang para ang mga tao ay 'pag pumunta sa bakunahan ay siguradong mabibigyan po ng bakuna. So I think these are the things that we need to look at.

USEC. IGNACIO: Opo. Mula pa rin po kay Bianca Dava: How many senior citizens nationwide are eyeing to vaccinate and how many have so far been vaccinated? What might be reasons behind the low number of seniors willing to get their vaccine shots?

DOH USEC. VERGEIRE: Well we have an estimated number of senior citizens na mga walong milyon mahigit dito sa buong bansa. Sa ngayon ang ating mga senior citizens na nababakunahan na ay about 5% 'no of this 8 million plus. So ang nakikita po nating mga usual reasons kung bakit, sa tingin ho namin hindi lang po hesitancy pero mayroon na ring parte ng access 'no para dito sa mga bakunahan dahil marami po sa ating mga nakakatanda takot pa ring lumabas; iyong iba naman po nahihirapan nang sumakay ng mga sasakyan o 'di kaya iyong iba naman ay bedridden. Kaya nga po ang ating mga local government units natin ngayon ay nag-iikot na talaga, nagbabahay-bahay para sa ating mga senior citizens para tumaas po ang pagbabakuna natin sa ating mga nakakatanda.

USEC. IGNACIO: Opo. Huling tanong ni Bianca: Do you think lifting the stay at home rule for fully vaccinated seniors will encourage more seniors to get vaccinated? Paano po iyong mga ayaw talagang magpabakuna?

DOH USEC. VERGEIRE: Actually, that is one of the objective, Usec. Rocky no, isa lang sa mga objectives natin kung bakit natin pinapayagang silang lumabas. But of course the major objectives is for them to go out have a, you know, makapag-exercise man lang sa parke and that is of course for their mental health.

Pero iyon pong mga ibang nakakatanda sa tingin namin kung sakaling makita nila na pinapayagan na iyong ibang nakakatanda makalabas, makapunta diyan sa mga parke, makapagsimba sa tingin ho namin ay mahihikayat pa rin natin ang ibang nakakatanda na magpabakuna.

USEC. IGNACIO: Opo. Usec., maraming salamat po sa inyong oras at impormasyon, DOH Undersecretary Maria Rosario Vergeire.

DOH USEC. VERGEIRE: Salamat po.

USEC. IGNACIO: Samantala, mga kababayan natin biktima ng mga nagdaang kalamidad sa bansa ang hinatiran ng tulong ng outreach team ni Sen. Bong Go. Ang mga ahensiya ng pamahalaan namahagi rin ng ayuda para sa mga kababayan natin sa probinsiya ng Agusan Del Norte. Panoorin po natin ito.

[VTR]

USEC. IGNACIO: Samantala, alamin na natin ang lagay ng Davao City mula sa report ni Clodet Loreto. Clodet…

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Maraming salamat Claudette Loreto.

At iyan po ang mga balitang aming nakalap ngayon araw. Ang Public Briefing po ay hatid sa inyo ng iba't-ibang sangay ng PCOO sa pakikipagtulungan ng Department of Health at kaisa ng Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas o KBP.

Ako po si Usec. Rocky Ignacio ng PCOO. Muli, maligayang Araw ng Kalayaan po sa inyong lahat. Magkita-kita uli tayo sa Lunes dito lamang sa Public Briefing #LagingHandaPH.

###

--
News and Information Bureau-Data Processing Center